

# The Project Gutenberg eBook of Búhay na Pinagdaanan ni Juan Tamad na Anac ni Fabio at ni Sofia, by Anonymous

This ebook is for the use of anyone anywhere in the United States and most other parts of the world at no cost and with almost no restrictions whatsoever. You may copy it, give it away or re-use it under the terms of the Project Gutenberg License included with this ebook or online at [www.gutenberg.org](http://www.gutenberg.org). If you are not located in the United States, you'll have to check the laws of the country where you are located before using this eBook.

Title: Búhay na Pinagdaanan ni Juan Tamad na Anac ni Fabio at ni Sofia

Author: Anonymous

Release date: July 29, 2005 [EBook #16386]

Most recently updated: December 12, 2020

Language: Tagalog

Credits: Produced by Tamiko I. Camacho, Jerome Espinosa Baladad,  
Pilar Somoza and PG Distributed Proofreaders from page  
scans provided by University of Michigan.

\*\*\* START OF THE PROJECT GUTENBERG EBOOK BÚHAY NA PINAGDAANAN NI JUAN TAMAD NA ANAC NI FABIO AT NI SOFIA \*\*\*

## Imprenta at Librería ni J. Martínez

Cabildo 288 Intramuros, Teléfono 2883, P. Moraga 34-58, Teléfono 6098  
at P. Calerón 108, Binondo, Maynila.

Ipinagbibili sa mga LIBRERIANG Itó ang mga sumusunod na aktát sa wikang tagalog:

Búhay ni Alfonso	Búhay ni José Flórez
* Adoración	* José ni Larra
* Alfonso, Laurio at Rizal	* José Palay
* Alfonso, Pedro	* José Palencia
* Alonsocheton	* Juan Tamad
* Antonio, ni Eva	* Juanito ni Apolinario
* Bachavet	* Juana ni Mariano
* Barrios	* Leopoldo
* Basilio, María	* Lucas ni Santiago
* Bernardo, Ceprito	* Lourdes na Santander
* Bernardo, Vicente	* Lucio ni Lauret at Maná
* Blasico, Pío	* Madrid
* Bolaging, Sampaloc	* Matilde ni Paredes
* Calixto, Talla	* Matilde ni Siquigás
* Cáliz	* María, Bia, de Antipolo
* Casas, Franso	* Melchor ni Agustín na Viceraya
* Carrascal	* Perpetua
* Casiano, Lucio	* Particular
* Cebu, Universal	* Piñeres, Romano
* Da, Maruya	* Graciela
* De la Rosa, na Alab	* Gracia
* De la Rosa, Pedro	* Gervasio
* Dr. José Rizal	* Diego Bustamante de Leyva
* Dr. José Rizal, postum	* Dimas
* Dr. Diego at D. A. Jesusa	* Don Justino Bautista
* Dr. Eusebio, Málaga	* Encarnación
* Dr. Gil, Macabebe	* Encarnación
* Dr. Gil, Macabebe	* Emilia
* Ediciones	* Rosalia
* Entrevista, na Filma	* Esteban de Villar
* Esteban, ni Moriones	* Rosalita y Clodina (Cemella)
* Eusebio	* Engracia Magaña
* Eusebio	* El Presidente de Suces
* Fajardo	* Esteban Añez
* Francisco, Macabebe	* Esteban na Llorente
* Flora, ni Laura	* Esteban na Morris
* Flores, ni Laura	* Esteban na Sarmiento
* Flores, ni Pedro	* Esteban na Morales
* Flores, ni Quiñones	* Esteban na Morales
* Flores, ni Quiñones	* Esteban na Montes
* Flores, ni Quiñones	* Esteban na Santander
* Flores, na Aguila	* Esteban na Valencia
* Flores, na Alcazar	* Esteban na Villegas
* Flores, na Alcazar	* Esteban na Zaragoza
* Jardines	* Esteban na Zulueta
* Jose, ni José	* Esteban na Zubeldia
* José Vendrell	* Esteban na Zubeldia

Isang palaisipan: Biur-biur kung sanián tamaan ₱ 0.20



BÚHAY NA PINAGDAANAN

NI

## Juan Tamad

NA ANAC NI

FABIO AT NI SOFIA.

SA CAHARIAN NANG PORTUGAL,

NA HINANĜO SA NOVELA.




MAYNILA, 1920.

IMPRENTA, LIBRERIA AT PAPELERIA

NI

J. MARTINEZ

P. Moraga 31-36, Tel. 5005 P. Calderón 108, Cabildo 253 Intramuros.-Tel. 3283.



BÚHAY NA PINAGDAANAN

NI

## Juan Tamad

NA ANAC NI

# FABIO AT NI SOFIA

SA CAHARIAN NANG PORTUGAL,

NA HINANÑO SA NOVELA.

Oh serenísimang maauaing Iná  
sa tauong cristiano na iyong oveja,  
sa lupa at Lanğit n̄galan mo ay siyáng  
tinatauag namin sa toui toui na.

Icao po ang Torre at cabán n̄ tipán  
Iná nang sumacop sa sala nang tanan,  
cami pong inapó ni Eva,t, ni Adán  
sa lubós mong aua cami,i, nananaban.

Ituto mo rin po Ináng mapagpala  
masayod na lahat yaring ninanasa,  
mapuról cong isip capós na acala  
matutuhan co rin ang isasalita.

Man̄ga camahalang napapauang nobles  
may sinimpang dunong at tahó sa leyes,  
manipis cong alam at salát na isip  
nangahás cahima,t, di talastas batid.

Lumalacad aco,i, piquít ang capara  
ang landás na daa,i, hindi tanto,t, taya,  
panğahás cong isip doon umaasa  
sa pa-honrang linğap nang m̄ja bihasa.

Pinagsisiyá na nang bait co,t, isip  
lathala nang verso,i, ayos sa matoid,  
sa man̄ga bihasa,i, culang din at lihis  
anyayang pa-honra ay inihihibic.

Pinupuring tunay niring sumusuyo  
ang manğag anyayang malinğaping puso,  
cahit di dalisay sa lustre,i, malabo  
ay paparahin nang brillante at quintó.

Gayon din sa hindi,t, aayao luminğap  
yaring si I.A. nag papasalamat,  
itong ninanasang ibig na matatap  
ay búhay nang isang sa novela,i, banság.

Na dili umano,i, nang panahóng una  
sa reinong Portugal sabi sa novela,  
sa sacop din nito na Visadang villa  
doon ay mayroong pobreng, mag-asaua.

Fabio ang lalaqui tunay na panğalan  
ang casi,t, esposa ay Sofia naman,  
mag-asauang ito,i, buhat nang macasal  
sapól sa dálita,t, ualang pamumuhyay.

Capagca bata na ay itong si Fabio  
hanap búhay niya ay pag jujuego,  
nang magca asaua,i, siya ring oficio  
na pinagcucunan canilang sustento.

Maguing ilang taón yaong pag sasama  
matrimoniong mahal nag supling namunña,  
nang isang lalaquing quias ay maganda  
naguing n̄gala,i, Juan nang mabinyagan na.

Malaqui ang toua,t, ualang pagcaronan  
dito sa cay Juan niyong pag mamahal,  
palibhasa,i, uala at iisa lamang  
di ibig ni Fabiong bata ay ouuang.

Ináng si Sofia,i, ualang guinagaua  
arao, gabi cundi ang pag-aarugá,  
si Fabiong asaua ay palaguing uala  
hanap ang sugalan at pagalagala.

Páhiná 4

Páhiná 5

Pagsapit nang hapon ouui sa bahay  
dadaan sa tinda,t, maimili naman,  
madla,t, sarisaring man̄ga cailan̄gan  
na cacanin nila sa pag hahapunan.

Doon sa canila cun siya,i, dumating  
sa casi,t, esposa ay sisiyasatin,  
baca ang aná̄c tang mutyang guiniguilio  
pina-iyyac mo,t, di mo linilinḡil.

¡Iná̄ co! ang sagót ni Sofia naman  
uala acong gaua cun hindi hauacan,  
cahit nag luluto,i, quinacaulayao  
sa pan̄gninḡilag co na baca omouang.

Anitong si Fabio na sintang esposo  
gayon n̄ga ang aquing ibig guinugusto,  
icao ay hindi man macapag trabajo  
bata,i, houag lamang pababayaan mo.

Pagcaca umagang macapag almusul  
paalis na siya,t, punta sa sugalan,  
sa aua n̄g Dios guinagaling naman  
sa tousing ouui ay may panalunan.

Lumalaqui naman aná̄c nilang ito  
di nag cacaramdam sa aua ni Cristo,  
matanto at siya,i, mahal na totoo  
ang sugo nang iná̄,i, hindi asicaso.

Ináng nag mamahal ay di alintana  
cahit di sumunod cun utusan niya,  
loob ay malinis sa aná̄c na sinta  
palibhasa,i, bugtong at iisa isa.

Nang mag cabait na,i, naguing cagauian  
umaalis siya sa canilang bahay,  
sa man̄ga capoua,i, hindi omaabian  
na naquiquilaró sa canino pa man.

Sa capan̄gilagan nang catauan niya  
at ang catamara,i, siyang nagdadala,  
aalis sa bahay tatanan sa iná̄  
susuot sa pulóng casucala,i, sadyá.

Siya ay gumaua doon nang tahanan  
sa puno nang cahoy Betis ang pan̄galan,  
na canyang lininis at siya,i, nag lagay  
m̄ga baguing hagting na sadyang hihigan.

Doo,i, uala siyang munting guinagaua  
cundi palagui na lamang nacahiga,  
oras nang tanghali ay saca bababá  
ouui sa bahay pagcain ang sadya.

Cun siya,i, dumating sa canilang bahay  
ang batí n̄g iná̄,i, saan galing icao,  
si Jua,i, ang sagót ay dini po lamang  
naquipag laró po sa ating cahangan.

Di naman iimic yaong canyang iná̄  
sa uica ni Jua,t, natatalastas na,  
ito,i, nag yayabang ¿ano caya baga?  
ang aná̄c cong ito,i, bucod at caiba.

Nagtataca aco ¡oh Dios sa Lan̄git!  
ang bait isip co ay uulic ulic,  
cagagauang ito nang aná̄c cong ibig  
caguilaguilas at di co malirip.

Marami rin namang man̄ga bata dito  
sa caapid bahay, na naquiquita co,  
itong aquing aná̄c caibang totoo  
na palaguing uala at di masugo co.

¿Ano caya bagang talaga nang Dios  
di paquinaban̄gan ang aná̄c cong irog?

gayon ma,i, matamis sa puso co,t, loob  
cun ito ay siyang sa aqui,i, caloob.

¡Oh Dios na Hari,t, Pan᷑ginoong Amá!  
pagcalooban mo ang anác cong sintá,  
amponin mo rin po,t, hulugan nang gracia  
matutong mag silbi sa magulang niya.

Mulit muling taghoy na inihihibic  
sa Dios na Amá na Hari sa Lan᷑git,  
cahimanauari ang anác cong ibig  
bigyan nang liuanag carunun᷑a,t, bait.

Saca cun matapos magtatanao tanao  
anác na si Juan ay ibig matingnan,  
cun hindi maquita,i, mananaog naman  
hahanaping pilit ang quinalalagyan.

Sa man᷑ga cahangan ay titingnan niya  
ipinag tatanong cundi naquiquita,  
ualang macasabi ouui na siya  
mapanglao ang loob náluha ang matá.

Cun siya,i, dumating sa canilang bahay  
puputóc ang dibdib ináng mapagmahal,  
ang loob at puso,i, hindi mapalagay  
sa di pagcta quita sa anác na hirang.

Ano pa,t, sa touing gustong cumain na  
siyang pag paroong pag haráp sa iná,  
ináng nalulumbay cun siya,i, maquita  
maguiguinhauahan pusong may balisa.

Saca uiuicaing ¿ano caya ito?  
saan nangagaling itong aquing bunsó,  
sa touing cacain lamang paririto  
ni anoma,i, hindi paquinaban᷑an co.

Matapos cumain guinaua nang iná  
inaban᷑an niya cun saan pupunta,  
iná,i, sumusunod na sa huli niya  
natanto,t, naalman ang tahanang sadyá.

Naquita ang cahoy na hinahantun᷑an  
sa loob nang puló na pinalinisan,  
sadyang may oyayi na tinutulugan  
sa cahoy na Betis doon nalalagay.

Ang uica nang iná jay Juang anác co!  
may sadya ca palá na tahanan dito,  
¿ano bagang iyong guinagaua rito  
ali,t, sino bagang dito,i, casama mo?

Anong naisip mo,t, nasoc sa acala  
dito ca nalugmoc anong guinagaua,  
talastas mo naman at hindi cailá  
mahal na amá mo ay palaguing uala.

Nag-iisa aco,t, uala cundi icao  
dapat casamahin sa gabi at arao,  
icao naman bunsó ay sa toui lamang  
na gustong cumain nonoui sa bahay.

Aco ay paano ¡oh anác cong guilio!  
nag tataglay aco sacuna,t, hilahil,  
mahal na amá mo sa ati,i, uala rin  
sa sang-lingo,i, minsan lamang cun dumating.

Saca icao nama,i, di co maasahan  
palaguing uala ca,t, dito tumatahan,  
mabuti n̄ga rito,t, icao ay maaluan  
mula n̄gayo,i, icao,i, Tamad na si Juan.

Di naman sumagót sa man᷑ga sinambit  
sa iná,i, ang matá ay di maititig,  
ang loob at puso niya,i, may pan᷑ganib  
na baca ang iná ay may dalang galit.

Iniuan na roo,t, noui na ang iná lumalacad siyang náluha ang matá, iJesús co! ang uica bucod at caiba itong aquing anác na iiisa isa.

Páhiná 10

Esposong si Fabio,i, siyang sabihin co caya cun umoui ay nag mamacatlo, hanap búhay niya na pag jujuego sinasamá siya at palaguing talo.

Siya ma,i, narating sa canilang bahay cun minsan ay di na naoosisa man, ang anác na bugtóng na sa puso,i, mahal loob ay balisa,t, ualang mapuhunan.

Mana,i, isang arao ang uica ni Fabio esposa cong sinta tanong co sa iyo, ¿baquin baga aco,i, touing paririto di co naquiquita ang anác tang bunsó?

Sintang esposo co sagót ni Sofia di anong gagauin sa Dios talaga, di mo nña talastas at dito,i, uala ca mña cagauian nang bunsóng anác ta.

Nñayo,i, ang tauag co ay si Juang Tamad dahil sa ugaling caiba sa lahat, touing macacain panaog na agad pupunta sa puló sa loob nang gubat.

Aquing sasabihin at nang matanto mo cabiac nang pusong casi,t, esposo co, bunsóng anác nata,i, pagcacaalis mo ay palaguing uala,t, di nasusugo co.

Cung aquing hanapi,t, tingnan sa laroan sa mña barcada batang caramihan, ay hindi calaró uala,t, cung nasaan loob co,i, agad na na malulupaypay.

Páhiná 11

Babalic na acong puputóc ang dibdib sa di pagcamalas sa anác tang ibig, sa daluang matá co luha,i, nabalisbis sa iyo esposo ay inihihibic.

Di co pag aanhin mana,i, isang arao ang loob co,t, puso,i, di na mapalagay, niyong matanghaling tatapat ang arao oras nang pagcain dumating na naman.

Nasoc sa isip co,i, aquing susubuquin pinag abanñan co niyong macacain, tica nang loob co ay aquing susundin ang pinarorona,i, nñg aquing malining.

Anác ta,i, nanaog nñg macacain na sumusunod acong na sa huli niya, uala siyang malay at di naquiquita naalman co yaon na tahanan niya.

May cahoy na Betis sanña,i, malalabay sa loob nang puló na pinalinisan, sa cahoy na yaon siya ay nag lagay manña baguing hagting parang oyayihan.

Ang sagót ni Fabio ¡oh Jesús na Amá! ano caya,t, gayon ang anác tang sinta, lulán niring dibdib at nasang talaga papapag-araling capara nang iba.

Di anong gagauin ay cun siyang bigay sa atin nang Dios na Amáng Maycapal, ay houag isucal puso,t, calooban lagacan din siya niyong graciang mahal.

Nagsama ang dalua,t, naparoong tiquis puló ay sinoot at ibig mabatid,

Páhiná 12

nang si Juan Tamad datna,i, nahihibil  
himbing nang pagtulog at hilic na hilic.

Dinulog nang amáng marahang marahan  
anác niyang bunsó ay canyang pinucao,  
guising ca anác co at paquimatyagan  
acong iyong amá na na sa ligamgam.

Naguising pagdaca na may dalang tacot  
tinangnan n̄g amá t, ang noo,i, tinutóp,  
mag pacahusay ca,t, tumauag sa Dios  
ualin sa panimdim sacuna nang loob.

Aco,i, bago lamang na cararating pa  
pinangalin̄gan co ay malayong sadyá,  
sa atin ay di co icao naquiquita  
aquing itinanong sa mutyá mong iná.

Sumasagóti siya luha,i, nabalisbis  
sa daluang matá perlas ang cauan̄gis,  
naglumihanan ang puso co,t, dibdib  
n̄g oras na yao,i, nagdilim ang isip.

Nang aquing malining pauang maunaua  
ang sa iyong ináng m̄ga sabi,t, uica,  
sa daluang matá co,i, umagos ang luha  
sa laquing hinayang sa anác cong mutyá.

¿Oh bunsong anác co,i, baquit caya naman  
cabutóng iná mo,i, pinababayaan?  
talastas mo aco na uala sa bahay  
lagay ang loob co,t, ang casama,i, icao.

Páhiná 13

N̄gayo,i, sumagót ca,t, n̄g maalamán co  
lulan nang loob mo,t, m̄ga guinugusto,  
di paquinaban̄gan icao nang iná mong  
lauong nag aruga,t, nag pasupasuso.

¿Cundi ca mag silbi,t, mag lingcod sa amin  
ano caya bagang iyong mararating?  
búhay ang puhunan n̄g iná mong guilio  
saca n̄gayo,i, di mo siya gagantihin.

Tunghay ang muc-ha mo,t, matá ay isulyáp  
sagutin mo aco nang nasa mo,t, han̄gad,  
ang hiya at tacot siyang nag-aalab  
caya di mangyaring bibig ay mabigcas.

Yayamang di ca rin sumagót sa aquin  
malis cana dito,t, moui ca sa atin,  
ang calooban mo ay iyong baguhin  
at sa magulang mo,i, mag silbing magaling.

At houag ca ritong mag papalumagáć  
sa loob nang pulóng casucalang gubat,  
tumatahan dito ay hayop na lahat  
hindi ang para mong cay Cristong ovejas.

Di naman sumouay pagdaca,i, sumama  
Tamad na si Juan sa gusto nang amá,  
pagdating sa bahay ang uica sa canya  
anác co ay dinguin hatol cong lahat na.

Magpamula n̄gayon magbago nang loob  
at dumalan̄gin ca sa Poong cay Jesús,  
sa amá,t, iná mo,i, magsilbi nang lubós  
nang ang aua niya sa iyo,i, idulot.

Páhiná 14

Isilid sa loob houag calimutan  
sa umaga,t, hapon icao ay mag dasal,  
pintacasimin mo ang Vírgeng maalam  
n̄g caauaan cang gracia ay pacamtan.

Houag cang aalis dito,t, pumirme na  
sa arao at gabi n̄g macasama ca,  
ang mahal mong iná,i, nag-iisa isa  
ualang masusugo cun dito,i, uala ca.

Tuloy namang icao ay ibibilí co  
n̄ḡ isang cartillang mapag aralan mo,  
di man macapasoc icao sa maestro  
ay tuturuan ca guilio na iná mo.

Ani Juan Tamad na sagót sa amá  
lahat ninyong hatol aco,i, tatalima,  
susunod sa utos aco po nang iná  
at saca sa Dios mananalangan̄in pa.

Malaqui po amá yaring catouaan  
sa inyong sinabing aco ay mag aral,  
at harin̄garin po na aco,i, casihan  
na matutuhan co gauang cabanalan.

Bumilí ang amá n̄ḡ isang cartilla,  
at si Juan Tamad ay tinuruan na  
niyong sarisaring pan̄galan nang letra  
sa A nag pamula,t, pinaquiquilala.

Ang uica ni Fabio,i, salamat sa Dios  
at sa hicayat co anác co,i, nasunod,  
iyong tuturuan espresa cong irog  
harin̄ga,t, maalman cartilla,i, matalós.

Iiuan co cayo,t, aalis na muna  
mag hahanap búhay na ating magasta,  
icao na anác co,i, maquiquinig baga  
houag mag susutil sa mahal mong iná.

Oó po amá co,t, tatalimahin co  
mag papacasaquit na mag-aral aco,  
harin̄ga,t, loobin nang Poong si Cristo  
na maguing Pari rin acong anác ninyo.

Sa sagót na yao,i, ga mapapan̄giti  
ang amáng si Fabio niyong talumpati,  
salitang may daguil at umaaglahi  
sa man̄ga magulang ay parang taguri.

Sa casi,t, espresa ay napaalam na  
tumun̄go sa dating parorongan niya,  
nang quinabucasan niyong maumaga  
si Jua,i, uala na at nacaalis na.

Si Sofiang iná,i, di na matahimic  
mapanglao ang loob puputóc ang dibdib,  
inantayan lamang amá,i, nacaalis  
lumayas na nama,t, sa puló,i, nagbalic.

Naparoong agad at canyang tiningnan  
dahilan sa hindi siya mapalagay,  
dinatnan ang anác na nagugulaylay  
sa oyaying baguing na dating tulugan.

Ang bati nang iná jay bunsóng anác co!  
baquin naman icao,i, muling naparito  
bilin nang amá mo,t, pan̄gusap sa iyo  
houag cang aalis icao,i, casama co.

Di icao ay dico n̄ḡayon malilin̄gil  
di matuturuuan at uala sa atin,  
di po cailan̄gan yaon cun sa aquin  
cartilla po iná,i, paua co nang lining.

Unauain ninyo at aquing tuturan  
linalamán noo,t, m̄ga cahulugan,  
yaong letrang **C**, iná,i, caharian  
nang Dios na Amáng macapangyarihan.

Yaong letrang **a**, na munting casunod  
angeles na madlang catoto nang Dios,  
sa coro ay pauang nag pupuring lubós  
sa Amáng lumbic-ha nitong sangsinucob.

Yaong letrang **r**, bilang pacaitlo  
si Mariang Virgeng Iná masaclolo,

Páhiná 15

Páhiná 16

Reinang tinatanghál nitong boong Mundo  
sacdalán nang tanang ovejas ni Cristo.

Yaong letrang **t**, ay ang cahulugan  
tribunal nang Dios talarong timbanğan,  
masama,t, magaling doon matitingnan  
ang juicio nang Dios pagdating nang arao.

Yaong letrang **i**, cahulugang dala  
Imperio at bayan nang Dios na Amá,  
ang lahat nang banál doon naquiquita  
na nanğag pupuring touang ualang hanga.

Yaong letrang **II**, ay ang cahulugan  
iná po ay dinguin at aquing tuturan,  
ang Dios na Amá,i, caya nagpalagay  
gloria,t, infierno na pag pipilian.

Ang tauo sa mundong inapó ni Eva  
anomang ibiguin pahintulot niya,  
cun caya nag lagay ay laang talaga  
sucat pag palagyan pagdating nang ora.

At ang letrang **a**, bilang catapusán  
cahulugan naman ay inyong paquinggan,  
pagdating nang arao na tayo,i, hucumán  
mayama,t, mahirap paparehong tunay.

Sa Dios ay uala na malaqui,t, muntic  
at ualang marunong ualang ignorantes,  
uala namang Papa,t, ualang Cardenales  
paparehong lahat pagdating nang guhit.

Narinğig na ninyo lahat cong binaybay  
di na dapat yata na aco,i, mag-aryl,  
hindi macasagót iná,i, natiguilan  
at pauang totoo ang manğga sinaysay.

Ani Juang Tamad umoui na cayo  
sa bahay iná po,t, doo,i, ualang tauo,  
houag pag pilitan na paalsin dito  
at dito po nama,i, ualang basag-ulo.

Ang iná ni Juan tantong nagtataca  
sa manğga sinaysay tungcol sa cartilla,  
ganitong cabata,t, di nag-aaral pa  
ano,t, naalaman tanang significa.

Anhin co ang letra,t, siya,i, tinuruan  
caya naquilala ang manğga panğalan,  
ay baquit naalman dalang cahulugan  
sulat na cartilla quinapapalagyan.

Sa ganitong ito ay pahat pang pahat  
sasampuo pang taón dinadalang edad,  
natutuhan itong casaysayang lahat  
biyaya nang Dios na sa caniya,i, lagac.

At saca umalis canyang iniuan na  
habang lumalacad náluha ang matá,  
aco ay paano uala ang asaua  
saca ang anác co ay di macasama.

Yaring catauan co caya ay paano  
na caaúa aua ang calagayan co,  
ioh Vírgen Maríang Ináng masaclolo  
matiis co rin po ang hirap na ito!

Itong aquing anác na iisang tunay  
dapat casamahin sa gabi at arao,  
touing magugutom siya,i, saca lamang  
na naparrito,t, pagcain ang pacay.

Macapangyarihan na iisang Dios  
laitan nang aua ang palad cong capós,  
alalayan mo po mahina cong loob  
na houag din nauang madaig nang tucusó.

Pá hiná 17

Pá hiná 18

Bugtong niyang anác na si Juang Tamad  
na nasa sa puló sa loob nang gubat,  
ang canyang cartilla,i, laguing hauac hauac  
binabasa niya at buclat nang buclat.

Ang pagbasa niyang inuulit ulit  
iöh Dios na Haring aquing inuibig,  
hulugan mo aco nang biyayang bait  
at biyayang graciang ualang caholilip!

Saca isusunod hulugan mo aco  
nang biyayang aua sa pagca higa co,  
ipanatag mo po yaring catauan co  
sa ligayang lubos ilayó sa tucsó.

Macapangyarihang Amáng maauain  
bigyan mo po aco nang aquing cakanin,  
sa pagca higa co,i, idulot sa aquin  
iinuming tubig naman ay gayon din.

Cun siya,i, iníp na niyong pagca higa  
sa canyang oyayi siya ay bababá,  
sa pag mamacadala nagcacandadapa  
pupunta sa iná,t, mag papacabuya.

At cun macatapos siya,i, macacain  
aalis na muli puló,i, tutunghuhin,  
hihiga pagdaca sa oyaying baguing  
matutulog siya nang himbing na himbing.

Ano,i, nang dumating yaong canyang amá  
agad itinanong sa esposang sinta,  
ang bunsóng anác co,i, nasasaan baga  
baquin uala rito,i, di co naquiquita.

Sa casi,t, esposang isinagót naman  
nang macaalais cang quinaumaghan,  
macabançon aco,i, uala,t, cun nasaan  
at nag balic pala sa dating tahanan.

¿Ano caya Dios? ang uica ni Fabio  
gayon ang ugali nang anac cong bunsó,  
marami rin naman na naquiquita co,  
caiba at tamad di tumahan dito.

Sagót ni Sofia ay mabuti naman  
at doon ay uala na macacaauay,  
cun palaguing sama sa manğá laroan  
ay macacausap nang sino,t, alin man.

Caya houag mo nang piliting hanapin  
ang tamad na tauo,i, anhin man at anhin,  
sintang esposo co,i, pamanhic at hilíng  
aguantahin mo na,t, talaga sa atin.

Hindi na tumutol nang anoman siya  
sinunod ang hilíng nang casi,t, esposa,  
mag mula na noon silang mag-asaua  
lumagay ang loob di na alintana.

Sa touing darating na gustong cumain  
ni anoma,i, uala silang sasabihin,  
pinapara nilang uala sa panimdim  
panatag ang loob sa Dios ay hayin.

Ito namang anác ay di nag tatanong  
at anoma,i, uala na inioonçoy,  
sa canyang tahana,i, laguing naroroon  
sa oyaying baguing humiga,t, bumançon.

Mana,i, isang gabi na catastimican  
sa oyayi niya ay nagugulaylay,  
himbing nang pag tulog siya,i, linapitan  
nang isang matanda,t, cagyat na pinucao.

Juan ang uinica icao ay gumising  
at aco sa iyo ay may sasabihin,

Pá hiná 19

Pá hiná 20

Pá hiná 21

nag ban̄on pagdaca ang sagót ay baquin  
ano po ang gusto ibig cong malining.

Tinatatap quita caya neparito  
at cucumustahin ang calagayan mo,  
mahaba nang arao pagtahan mo dito  
di nag caca pulong icao man at aco.

Nuno po,i, malaqui tinangap cong toua  
tinatatap ninyo calagayang abá,  
maraming salamat Dios ang mag pala  
pagcalooban din tayo nang biyaya.

Sa matandang sagót dito sa cay Juan  
pagtahan mo dito,i, nag-iisa lamang,  
icao,i, bibigyan co,t, pagcacalooban  
isang batóng munting perlas ang cabagay.

Iniabot niya cay Juan ang bató  
at pinag bilinang ang uica,i, ganito,  
pacaiin̄gatan at mamahalin mo  
houag masasabi sa alin ma,t, sino.

At ang batóng iya,i, ang virtud na dala  
anomang hin̄gin mo,i, agad bibigyan ca,  
pacamamahali,t, in̄gatan mo siya  
houag masasabi sa ama mo,t, iná.

Tumangap nang touang hindi ano lamang  
pag papasalamat niya,i, ualang hangan,  
nuno po,i, sa inyong caloob at bigay  
ano cayang aquing igaganti naman.

Sagót nang matanda,i, houag cang manimdim  
at anoma,i, houag may alalahinan,  
anopa,t, ang aquing muli,t, muling bilin  
dati mong ugali houag babaguhin.

At halos dagdagan pag tauag sa Dios  
pa pag-alabin mo puso sa pag-irog,  
pag papalain ca,t, gagantihing lubós  
loualhating gloriang ualang pagcatapos.

Saca napaalam matanda,i, nalis na  
at si Juang Tamad iniuan na niya,  
sa canyang oyayi nahilig pagdaca  
cartilla,i, tinangna,t, canyang binabasa.

Uala siyang tahan nang quinabubulat  
fojas nang cartilla,i, nababasang lahat,  
na ang sinasambit sa canya,i, igauad  
nang Dios na Amá yaong graciang uagás.

Saca yaong tatlong cabanalang lubós  
na dapat sunurin nang tauong cristianos,  
inuulit ulit na uicang mataós  
na manampalataya,t, manalig sa Dios.

At yaong icatlo ay pacabiguin  
ang Amáng Maycapal sambahi,t, purihin,  
ang capoua tauo,i, sintahi,t, ibiguin  
para nang pag-ibig sa sariling atin.

Salit salit itong canyang binabasa  
touing bubiulin sulat na cartilla,  
naguing ganting pála ay binigyan siya  
batóng encantadong lubhang mahalaga.

Mahabang panahóng canyang in̄gat-in̄gat  
ni sinoma,i, uala na na cacamatyag,  
bilin nang matanda,i, canyang guinaganáp  
pag mamahal niya,i, ualang macatulad.

Nang siya,i, mabigyan niyong Nuno niya  
batóng encantadong perlas ang capara,  
isang arao n̄gani na icacain na  
sa bató,i, humin̄gi nang isang comida.

At uinica niyang icao aquing bató  
na bigay sa aquin matandang Nuno co,  
icao ay mag handa n̄g putahing husto  
na aquing cacani,t, nagugutom aco.

Ualang liuag liuag lumabas na agad  
ang isang lamesa,t, casangcapang lahat,  
sari saring lutong man̄ga masasarap  
nacaliligaya sa matáng mamalas.

Dumulóg na siya at agad cumain  
man̄ga catouaa,i, di sucat sabihin,  
saca nang matapos ang ipinag turing  
icao aquing bató ligpitin n̄gayon din.

Nasunod na lahat man̄ga cahilin̄gan  
lamesa at lahat agad nang naparam,  
pag papasalamat niya,i, ualang hangan  
sa matandang Nunong sa canya,i, nagbigáy.

At di na umuli na humin̄gi siya  
tiniticman lamang batóng encantada,  
ang nasoc sa loob inaala-ala  
baca mamalayan nang magulang niya.

Sa capan̄gilagan na baca malining  
ang ugaling dati ang guinagaua rin,  
sa touing tanghaling oras nang pagcain  
ay ualang pag sala,t, siya ay darating.

Yaong canyang amá,i, dinatnan nang damdam  
hindi macaalis na mag hanap búhay,  
guilio niyang iná loob ay mapanglao  
ualang macacain ala alang tunay.

Juan ang uinica niyong canyang iná  
icao baga bunsó ay paano baga,  
amá mo,i, may saquit ay saan cucuha  
nang ating cacanin cundi mag hanap ca.

Sumagót si Juan oó po Iná co  
houag pong manimdim ang bahala,i, aco,  
hindi mauuaulan nang cacanin tayo  
humin̄gi po lamang sa Poong cay Cristo.

Totoo n̄ga yaon ang uica nang iná  
at tayo,i, sa Dios lubós umaasa,  
dapua,t, cun hindi mag tatrabajo ca  
di ca rin bibigyan cun nacaugmoc ca.

Umuling sumagót sa iná si Juan  
di n̄ga po bibigyan cun hindi maalam,  
cun ang ating loob manalig na tunay  
humin̄gi ma,t, di man ay caaauaan.

Cahulugan iná nang ipinagturing  
tauo,i, cailangang sa Dios ay hin̄gin,  
bago mag trabajo,i, dapat manalan̄gin  
humin̄gi nang aua,t, nang maquinabang din.

Houag pong manimdim mahal na iná co  
di po mauuaula ang aua ni Cristo,  
malacás po lamang yaring catauan co  
ay mag tatrabajo,t, macaquita aco.

Salamat cun gayon dapat n̄gang asahan  
palibhasa,i, uala cundi icao lamang,  
quita mona itong ating calagayan  
na ualang di uala at cahambal hambal.

Doon sa tubigan icao,i, pumaroon  
cahima,t, bitoo,i, manglimot ca roon,  
lacad nang madali,t, houag malalaouon  
at ang iyong amá,i, lubhang nagugutom.

Naparoon siya at hindi sumouay  
tuloy nag dala pa nang sadyang sisidlan

n̄g siya,i, sumapit sa catubiganan  
may ilog na isang canyang tatauirán.

Tumigui na roo,t, di tumauid siya  
doon manglilimot ang nasang talaga,  
linibot ang ilog nag mamalas siya  
n̄g man̄ga bitoo ay di macaqua.

Di nalauong oras cagyat sa sisipót  
ang man̄ga bitoo na dala nang agos,  
natoua,t, ang uica,i, salamat sa Dios  
may madadala na sa ináng nag-utos.

Hindi natatanto niya,t, naaalman  
ang bitoong yaon ualang man̄ga laman,  
na tapon nang tauong man̄ga balat laman  
ay siyang sinaguip isina sisidlan.

Yumao na siya,t, lacad ay matulin  
ang toua nang loob di sucat sabihin,  
sa pag mamacadali halos na liparin  
ang canilang bahay agad nang marating.

Ano,i, n̄g dumating maquita nang iná  
ang toua nang loob ualang macapara,  
salamat ang uica,t, macacacain na  
may maiuulam may saquit mong amá.

Sa pag mamacadali ni Sofia naman  
ang casi,t, esposo,i, quinagugutuman,  
hindi natatanto,i, ilinutong minsan  
ang m̄ga bitoo,i, balat ualang laman.

Hinan̄jo sa palloc niyong maluto na  
saca pa naalman̄g man̄ga balat pala,  
ang uica sa aná ay cun baquin baga  
man̄ga ualang laman ano,t, nanglimot ca.

Sa dalauang matá luha,i, bumalisbis  
nalumbay ang loob at siya,i, tuman̄gis,  
boong acala co at lulan nang dibdib  
may ma-iuulam ang esposong ibig.

¡Ay! baquit ca caya naman nagca gayon  
pumulot nang balat na sa tauong tapon,  
sa tubiga,i, di ca palá nag tutuloy  
bitoong marami doon naroroon.

Hindi na tumutol sa uica nang iná  
nag balic na muli na nag madali na,  
tumauid nang ilog at hinanap niya  
ang quinalalagyan bitoong lahat na.

Natagpuan niya yaong caramihan  
nanglimot na siya,t, lagay na sisidlan,  
ano,i, nang mapuno,i, umoui na naman  
at ang ala ala iná,i, nag-iintay.

Natoua ang loob nang siya,i, dumating  
ang uica,i, ito n̄ga bitoong magaling,  
linuto pagdaca,t, caniyang inihayin  
sa sintang asaua ay ipinacain.

Sa aua nang Dios at Vírgen María  
niyong macacain nag tamóng guinhaua,  
inulit cay Juan niyong canyang iná  
baquit sa primero,i, balat ang dinala.

Ang cay Juang Tamad na ipinag turing  
iná po,i, di baga yao,i, bitoo rin  
di ninyo sinabi at ipinalining  
bitoong may lama,i, siya cong cucunin.

Ang uica sa canya,i, icao pala naman  
di naquiquilala bitoong may laman,  
lumuti,t, may taquip iyong tatandaan  
cun icao ay aquing muling pag utusan.

Páhiná 26

Páhiná 27

Cayo po ang tacsil ina,t, hindi aco  
di liniliuanag cun mag utos cayo,  
di dapat sisihin acong anác ninyo  
ualang casalanan at na sasa inyo.

Sa ganitong pulong at pag uusapan  
asauang may damdam naquiquinig naman,  
nag uica,t, sinabi na may catouiran  
esposa cong sintang anác tang iyan.

Sagót ni Sofia sa casi,t, esposo  
sa anác tang iya,i, nag tataca aco,  
di naman marunong at ualang estudio  
cun baquit maalam parang abogado.

Tingnan mo esposo,t, aquing sasabihin  
nang na sasa pulóng aquing cacaonin,  
sulat na cartilla,i, sinaysay sa aquin  
tanang significa ay ipinalining.

Di sucat mamangha ang puso mo,t, loob  
sa canitang anác maalam at talós,  
pag quinacasihan niyong Poong Dios  
daig pa n̄ga,t, talo ang nan̄gag estudios.

Salamat sa Dios ang uica nang amá  
at di man nag aral may sinimpang ciencia,  
cahimanauari ay ituto siya  
sa capayapaan na toua,t, ligaya.

Sa usapang yaon nang canyang magulang  
hindi umiimic cahit caputoc man,  
anopa,t, ang puso,i, tumatangap naman  
nang galac na toua ayon sa sinaysay.

Ano,i, nang matapos ang canilang pulong  
sa amá,t, sa iná ang uica ay gayon,  
man̄ga loob ninyo,i, houag malingatong  
at mag hahanap na mag pamula n̄gayon.

Maguing ilang arao siya ay nalis na  
reino nang Portugal ang canyang pinunta,  
ang nasa nang loob at ticang talaga  
balang hanap buhay papasucan niya.

Nang dumating doo,i, di rin nag hahanap  
uala siyang gaua cun hindi humicap,  
ang pagcain niya ay sa batóng in̄gat  
doon humihin̄gi pag dating nang oras.

Sa lugar na ualang sucat macaquito  
siya,i, paroroon bato,i, tatangnan na,  
saca sasabihing daling mag handa ca  
n̄g comida,t, aco ay nagugutom na.

At pagcacatapos siya,i, macacain  
ang uica sa bató,i, madaling ligpitin,  
inaala ala ay baca malining  
nang capoua tauo na sino ma,t, alin.

Nang maguing sanglingo itong nacaraan  
pagca tahan niya sa reinong Portugal,  
isang hating gabi,i, na catahimican  
batóng encantado,i, quinuha,t, tinangnan.

At sinabi niyang icao aquing bató  
na bigay sa aquin matandang Nuno co,  
daluang sacong bigas sa ami,i, dalhin mo  
para cacainin nang amá,t, iná co.

Gayon ang pan̄gulam ay iyong samahan  
sundin mong madali,t, huag cang magculang,  
nang oras na yaon agad naganapan  
sinunod nang batóng canyang casangcapan.

Ano,i, nang maguising ang amá at iná  
daluang sacong bigas naquita pagdaca,

sa guitna nang bahay at may casama pa  
na isda at ulam loob ay nag taca.

Ináng si Sofia ay agad namanglao  
malaquing totoo dalang gunamgunam,  
ang esposong sinta,i, canyang tinauagan  
aco ang uinica,i, hindi mapalagay.

Ito,i, saan galing na bigas na ito  
taglay cong pangamba,i, malaquing totoo,  
baca ito,i, dala nang anác tang bunso  
pinagmulan nito ay ala-ala co.

Ang paquiramdam co cataua,i, malambót  
hangan di co ito matanto,t, matalós,  
asaua cong sinta sa gusto co,i, sunod  
nang di alinlanğan ang puso co,t, loob.

Icao ay umoui,t, pumasoc sa reino  
ang manña tindaha,i, pauang libutin mo,  
na cun may nangyaring anomana at ano  
hindi masasarhan ang bibig nang tauo.

Sa sintang esposa si Fabio,i, sumunod  
umoui sa reino at nag libot libot,  
siya ma,i, may roon na dala ring tacot  
na hindi mauala panğambá nang loob.

Nang ualang maquitang manña capulunğan  
ni balitang hugong tungcol sa nacauan,  
cun dito,i, may roong tindahang nauulan  
hindi malilihim pilit maaalman.

Lumagay ang loob umahon na siya  
sa Visadang villa tumunño pagdaca,  
ano,i, nang dumating bati ni Sofia  
ano ang lacad mo nñayo,i, magsabi ca.

Ang sagót ni Fabio esposa cong irog  
ang bagay na yao,i, ualin mo sa loob,  
lahat nang tindahan ay aquing nalibot  
ualang nanaualan houag cang malungcot.

Manña calumbayan ni Sofiang sinta  
nang matanto yaong sabi nang asaua,  
nasaulang muli para nang dati ca  
anác niya lamang siyang ala-ala.

Nñayo,i, sanglingo nang nacaalis dito  
di pa bumabalic na guilio na aco,  
saan cayang lugar yaon napatunño  
baquin di hanapin sintang asaua co.

Ang sagót ni Fabio,i, houag cang manimdim  
cun hindi narating aquing hahanapin,  
di baga,i, nang malis paalam sa atin  
mag hahanap búhay cacainin natin.

Totoo nña yaon sangayonan quita  
mag hahanap búhay nang paalam siya,  
una,i, ang pag guilio saca ang isa pa  
maalman ang bigas cun saan quinuha.

Hindi na natuloy si Fabio,i, naghanap  
cagyát sa darating ang canilang anác,  
nanğag comustahan saca siniyasat  
cun sinong nagdala daluang sacong bigas.

Aco po ang sagót mahal na iná co  
ang siyang nag utos nag padala rito,  
at ala-ala co,i, magugutom cayo  
pinag hanapan po ang ibinili co.

Anác co,i, cun caya hindi mapalagay  
loob co,i, palgui na may gunamgunam,  
at hindi mauala pag aalinlanğan  
pinag mulan nito,i, ibig cong maalman.

Diyata,i, cun gayong pinag hanapan mo  
malaqui ang toua nang puso,t, loob co,  
anong colocacion tanong co sa iyo  
ang pinapasucan ay anong trabajo.

Iná po,i, bala na na nacacayanan  
na iniuupa nang sino,t, alin man,  
pinapasucan co,t, macaquita lamang  
maiisustento sa man  a magulang.

Sa iyong tinuran oh buns   cong sinta  
tinangap cong toua,i, ualang macapara,  
caming nag aruga,i, inaala-ala  
cacasihin ca rin nang Dios na Am  .

Aalis na muli,t, ang pag hahanap co  
in  ,i, matitiguil cun tumahan dito,  
pinuntahan niya,i, Portugal ding reino,t,  
marami na roon siyang amistado.

Ito,i, sabi lamang sa canyang magulang  
na siya ay doo,i, mag hahanap buhay,  
bago,i, ualang gaua cung hindi mag pasial  
sa man  a amistad naquiqui paglibang.

Cun caya marami siyang caquilala  
dahil sa ugaling ipinaquiquita,  
sinomang mag utos sinusunod niya  
houag lamang hindi niya nacacaya.

Cun siya,i, pacanin nang alin ma,t, sino  
ay hindi cumai,t, ayao na totoo,  
uiuicain nila,i, icao ay paano  
panag  t na lamang ay bus  g pa aco.

Siya ay mayroong naguing caibigan  
na casama sama sa gabi at arao,  
saan man paroo,i, di naghihiualay  
parang magcapatid ang pagsasamahan.

Caibigang ito,i, taga Babilonia  
capoua binatang pareho ang dalua,  
caya naroroo,i, lay  s sa canila  
ang sabi,t, pahayag tumampo sa am  .

Mana,i, isang arao sila,i, may naranan  
na maraming tauo,t, mayroong baysanan,  
sila ay pumanhic ibig na matingnan  
ang novio at novia na bagong quinasal.

Palibhasa,i, dati at caugalian na  
tungc  l casam ento ay mayroong boda,  
ang nan  garoroon ay niyaya sila  
at pinacacain magcasamang dalua.

N  gala,i, Feliciano niyong caibigan  
pagdaca,i, dumul  g na cumain naman,  
si Juan ay hindi,t, totoong naayao  
siya rao ay bus  g ang sag  t sa tanan.

At nang macacain ay napaalam na  
sila,i, nag pupulong sa paglacad nila,  
ani Feliciano aco,i, nag tatac    
caibigang Juan cung baquit gayon ca.

Umaga,t, tanghali maguing sa hapunan  
di co naquiquita na cumain icao,  
icao baga,i, santong ualang cagutuman  
sa iyo ay aco,i, nag cacamamanghan.

Caibigang Sanoy aco,i, hindi santo  
naguing ugali na capagca bata co,  
pagdating nang oras ang guinagaua co  
iinom nang tubig ay bus  g na aco.

Jes  s! ang uinica niyong caibigan  
namamaang aco sa iyong tinuran,

¿sino caya baga sa mundong ibabao  
sa tubig na lamang tauo,i, mabubuhay?

Ang sagót ni Juan aco n̄ga amigo  
sa pag inom lamang nabubuhay aco,  
magaling pa icao ani Feliciano  
ualang cagastahan at daig mo aco.

Bago,i, hindi gayo,t, ang paraan niya  
cusang nahiualay sa canyang casama,  
at sa batóng in̄gat niyang encantada  
doon humihin̄gi nang pagcain niya.

Hahanap nang lugar mabuting tayuan  
na uala sinomang sucat macamalay,  
at cun matapos na,i, babalic na naman  
sa cay Felicianong canyang caibigan.

Ganitong palagui guinagaua niya  
hindi natatanto nang canyang casama,  
sa laqui nang hili siya ay gumaya  
nainom na lamang cung nagugutom na.

Ang quinahinatna,i, siya,i, nagcasaquit  
cataua,i, humina,t, naratay sa baníg,  
sa canya ay uala sinomang nalapit  
na tumin̄gín baga at mag malasaquit.

Sa bahay na canya na tinutuluyan  
hindi naman siya pinaquiquialman,  
maliban cay Juang canyang caibigan  
ang napaparoo,t, siya,i, dinadalao.

Ang saquit na yao,i, iquinamatáy na  
sa mundo,i, pumanao ang canyang hinin̄ga,  
mapanaghiliin ay di sucat palá  
at di cagalin̄gan ang naguiguingu bun̄ga.

At nang mamatáy na ay uala sino man  
na tauong nalapit bilang maquialam,  
palibhasa,i, uala na camag-anacan  
maliban cay Juang canyang caibigan.

Pinasán ni Juan bangcáy ay dinalá  
yaong cementerio ay tinun̄go niya,  
at pagdating doon ay humucay siya  
inabot nang dilím di nalilibing pa.

Nang oras na yaon ay may cadilimán  
linapitan siya,t, pinag sungabanan,  
sa laqui nang canyang man̄ga catacutan  
nag tacbo pagdaca,t, bangcáy ay iniuhan.

Naualan nang loob isip ala-ala  
sigla nang malaquing catacutang dala,  
palibhasa,i, dilím ay hindi maquita  
pinto nang libin̄gan na lalabsan niya.

Cun caya malaqui dalang catacutan  
na sa loob niya,t, laguing gunam gunam,  
sumungab sa canyang marami,t, cabanan  
ay man̄ga caloloua nang naroong patáy.

Ang boong acala,i, na sa huli niya  
cabang nag sisungab hinahabol siya,  
sa quinatatacbo,i, halos ang hinin̄ga  
di na magca uli at humihin̄gal na.

Nalugmoc sa lupa sa laqui nang pagod  
halos ang hinin̄ga niya,i, nan̄gan̄gapós,  
sapagca lugami sumilid sa loob  
¡Jesús co! ang uica ilayo sa tucusos.

Itong uicang Jesús nang canyang masambit  
nasaulang loob luminao ang isip,  
sampong catacuta,i, napaui,t, naalis  
pinto nang libin̄gan ay canyang nabatid.

Nag labas na siya at nag patuluyan  
tinun̄go ang dating bahay na urun̄gan,  
nang quinabucasan canyang naisipan  
umalis na roon sa reinong Portugal.

At noui nang muli sa Visadang villa  
ang amá,t, ang iná,i, dadalauing sadyá,  
ano,i, nang dumating sabihin pa baga  
ang toua nang loob nang magulang niya.

Ang uica n̄g iná,i, salamat sa iyo  
lubhang malaqui na man̄ga pag-guilio co,  
comusta ang búhay ¿oh bunsóng aná̄c co?  
at saan nagbuhat pagdating mong ito.

Sagót na tinuran iná̄ co,t, magulang  
pinangalin̄gan co,i, ang reinong Portugal,  
cusang naparito,t, cayo,i, dinadalao  
cabuhayan ninyo,i, ibig cong maalman.

Lubós yaring toua n̄g puso,t, loob co  
di mo linilimot caming magulang mo,  
cacasihin ca rin n̄g Poong si Cristo  
pamamanahin ca ligaya sa mundo.

Dapua,t, ang iyong minumutýáng amá̄  
mulá nang gumaling ang saquít na dalá,  
pumirme na rito,t, di umaalis pa  
cataua,i, mahina,t, di para nang una.

Ang sagót ni Juan ano pong gagauin  
diyata,i, cun siyang caloob sa atin,  
tibayan ang puso,t, tumauag dalan̄gin  
sa Dios at tayo,i, caaauaan din.

Lumapit sa amá,t, humalíc sa camáy  
at saca nag-uicang ito ang tinuran,  
calagayan ninyo,i, houag ipamanglao  
tiisin ang hirap Dios ang may bigáy.

Cahima,t, mahina ang catauan ninyo  
at cayo po amá,i, di macatrabajo,  
dumalan̄gin lamang tayo po cay Cristo  
hindi mauualala ang aua,t, saclolo.

Ang cakanin ninyo sa gabi at arao  
amá po ay cayo,i, aquing padadalhán,  
caya po naalis nag hahanap buhay  
maisustento co sa man̄ga magulang.

Di lubhang nalauon doon sa canila  
siya,i, napaalam sa amá,t, sa iná,  
aalis na muli,t, ang nasa co,t, tica  
ang tutun̄guhin co,i, reino nang España.

Lumuhód sa harap n̄g canyang magulang  
bendición po ninyo aco,i, pabaanonan,  
ang camáy nang amá,i, iguinauad naman  
pinahalíc niya at benedicionan.

At saca sa iná ay siya,i, lumapit  
hinaguíp ang camáy at tuloy humalíc,  
benedicionan di,t, ang uicang sinambit  
ang parorongan mo naua ay masapit.

Naglagos na siya,t, tinun̄go pagdaca  
ang talagang nasang reino nang España,  
nang dumating doon nagpapasial siya  
ang loob nang reino,i, linilibot niya.

Naglilibang siya sa man̄ga tindahan  
at umaamistad sa canino pa man,  
palibhasa,i, bagong cararating lamang  
humahanap siya tutuluyang bahay.

Ang ugaling dati capagcaraca na  
cun sa ibang lugar naroroon siya,

dating catamara,i, linilisan muna  
maalam sumuyo,t, loob ay maganda.

Cun paquiusapan nang alin ma,t, sino  
tungcól sa anoman na cayang trabajo,  
loob ay malinis sa capoua tauo  
madaling cumita man̄ga amistado.

Di humabang arao pagcatahan niya  
sa Españang reino,i, may caquilala na,  
doon na tumuloy at naguing casera  
sa arao at gabi ay urun̄gang sadyá.

Ang caserang yao,i, may binatang anác  
na casama-sama ay ni Juan Tamad,  
sa loob nang reino ay pahicap hicap  
casayahang madla,i, siyang minamalas.

Cun matapos silang macapag pasial na  
ouui sa bahay magcasamang dalua,  
caibigang ito,i, tantong nagtatacá  
at di mapacain doon sa canilá.

At sa encantadong bató niyang in̄gat  
laguing humihin̄gi pagdating nang oras,  
cagagauang ito,i, lihim at di hayág  
ni sinoma,i, uala na nacatatataap.

Pumucao sa loob at naala-ala  
baca nagugutom ang magulang niya,  
humin̄gi sa bató niyang encantada  
dalhan nang cakanin ang amá at iná.

Guinanap pagdaca na hindi naliban  
n̄g oras na yaon man̄ga cahin̄jian,  
natoua ang loob nang canyang magulang  
sila,i, may cakanin sa gabi at arao.

At natatanto na n̄g magulang niya  
ang bigas na yao,i, sa anác na dalá,  
hindi lamang batid nila,t, natataya  
anác ay mayroong batóng encantada.

Ang magcaibiga,i, muling sabihin co  
sa umaga,t, hapon sila ay paseo,  
Tamad na si Jua,i, bihasang totoo  
na ualang trabajo mulang maguing tauo.

Doon sa canilang man̄ga pagsasama  
nalilibot nila loob nang España,  
capag may naranang dalagang maganda  
ang uica cay Juan ay ibiguin mo na.

Isasagót nama,i, ang bagay na iyan  
uala sa loob co,t, di pa gunam-gunam,  
ang pagparito co sa Españang bayan  
di iyan ang hanap cundi caibigan.

Mana,i, isang arao naparaan sila  
sa tapat n̄g torre n̄g bunying princesa  
na na sa bintana,t, sila,i, naquiquita  
ang pinagmamasdan ay silang dalaua.

Natin̄gala naman ni Jua,t, namalas  
n̄ginibitan niya,t, sinusuliap suliap,  
princesa Leonila ay napahalac-hac  
natoua sa anyong nan̄gibit nasuliap.

Ani Juan Tamad ay tingni amigo  
nataua sa aqui,t, na-iibig aco,  
tumiguil na cusa titingna,t, tutun̄gó  
toua nang princesa ay di mamagcano.

Uica nang princesa sa canilang dalua  
hayo,t, magpatuloy na cayo,i, malis na  
sa catouaan co,i, ang aquing hinin̄ga  
nan̄gan̄gapós halos di na macataua.

Nalis na n̄ga sila na nag madalian  
at noui na naman sa canilang bahay,  
magmula na noon bagama,t, napasial  
di napaparoon cundi noon lamang.

Páhiná 41

Di naman nalauo,t, ang bunying princesa  
loob ay pumanglao at nagca balisa,  
hindi magca uasto loob ala-ala  
catauan ay hindi capara nang una.

Misterio nang Dios na sucat pagtac-han  
princesa Leonila,i, nag laman ang tiyan,  
ang loob at puso ay di mapalagay  
sa dagsang sacuna na cahambal hambal.

Puso,i, nalugami at tatan̄jis-tan̄jis  
sa dalauang matá luha,i, nabalisbis,  
ang loob ay guló puputoc ang dibdib  
sa di maulatang signos na sinapit.

Di icacatalog sa gabi at arao  
at pinapanimdim ang cahihinatnan,  
baquit caya baga yaring capalaran  
palad na quiqtitil nang tan̄gan cong búhay.

Hindi co malirip ang bagay na ito  
cun ano,t, sinapit nang imbing palad co,  
ualang masasabi cahiman at anó  
cundi ito,i, signos nitong catauan co.

Paano ang aquin n̄gayong calagayan  
puri co,i, uala na anong casaysayan,  
ang libác at pula nang tauo,i, cacamtan  
di ano pang aquin na capapacanan.

Icao catauan co caya ay paano  
n̄gayo,i, saan caya aco patutun̄go,  
mabuhay man baga ang tauo sa mundo  
cun uala nang puri parang gamó-gamó.

Ang lalong matinding inaala-ala  
di co icacain sa toui toui na,  
cun ito,i, maalman n̄g hari at reina  
na amá,t, iná co,i, magcacamit dusa.

Sa mundo,i, uala na,t, para cong pinatáy  
ang nagcalauin̄ging pinagcautan̄gan,  
nasira ang puri,t, parang pinugayan  
cun matanto ito,i, capalít ang búhay.

Himalá nang Dios na bigay sa aquin  
signos co na yata at planetang linsil,  
ualang naaalmang daang maguing dahil  
nang sacunang itong aquing nararating.

At sa torreng ito,i, mulá nang matira  
aco,i, ualang sucat,gá masasabi na,  
cundan̄gan n̄ga yata signos co,t, planeta  
caloob sa aquin nang Dios na Amá.

Cundi noong minsang mamintana aco  
taóng nagdaraan ang dulua catauo,  
isa,i, tumin̄galá at naquita aco  
tumaua,t, n̄gumibit ay natoua aco.

Dili co mataróc matapos isipin  
ang nangyaring yao,i, sumasapanimdim,  
diua ay yaon n̄ga,i, siyang naguing dahil  
pinagmulán nitong sacuna,t, hilahil.

Dios na Poong co,t, Pan̄ginoong Amá  
calarahin aco,t, iyong ipag-adýá,  
sinapit cong ito,i, malaquing pan̄gambá  
titisín co po cun iyong talagá.

Páhiná 43

¡Oh Vírgen Maríang Ináng masaclolo!  
patnubayi aco at ipagtangól mo,

sacuna,t, lingatong niyaring catauan co  
matiis co rin po,t, ilayó sa tucsó.

Aco man ay ualang inaala ala  
sucat pagbayaran na guinauang sala,  
cun ito,i, maalman nang hari cong amá  
buhay co,i, peligro,t, cacamtan co,i, dusa.

Maguing limang buan itong nacaraan  
ang bunying princesang tiguib hapis lumbay,  
di niya maisip damdam nang catauan  
cabuntisan niya,i, halata nang tunay.

Yaong si D. Feliz hari niyang amá  
at ang reina Inés na casi,t, esposa,  
pumanhic sa torre at vinivisita  
ang canilang anác princesa Leonila.

Ano,i, nang dumating sa torreng tahanan  
ang hari,t, ang reina,i, tantong napamaang,  
cun baquin anila,t, ang princesang mahal  
di sumasalubong sa aming pagdatal.

Princesa Leonila,i, hindi macaharap  
sa amá,t, sa iná matá,i, di isuliáp,  
ang tacot at hiya ang dumadagabdab  
sa dibdib at puso ay hindi maagnas.

Nang oras ding yao,i, nahalata nila  
yaong cabuntisán n̄g bunying princesa,  
naboual sa tindig pareho ang dalua  
naualan nang loob isip ala-ala.

Nang mahimasmasang pag saulang isip  
ang hari,t, ang reina buman̄go,t, nagtindig,  
ang uica nang amá ¿oh anác cong ibig?  
ano,t, gumaua ca nang hindi matoid.

Reinang iná niya nama,i, ang uinica  
¿oh anác cong sintang sa puso co,i, mutyá?  
baquin baga icao ay nag pacasira  
puri,i, sinayang mo,t, uinalang bahala.

Di muna linin̄ón caming namuhunan  
nagcandi candili,t, nag pala palayao,  
guinugol ang puyat at malaquing pagál  
saca ang ganti mo,i, laso,t, camatayan.

Acong nag aruga,t, nag pasupasuso  
nagtis nang hirap sapol pagcatauo,  
di mo na dinadmalin ang inala-ala mo  
puri,i, inin̄atan tiquis cang naglilo.

Macetas ca nami,t, sa matáng aliuan  
camuc-ha ay rosas sadyáng caban̄uhan,  
man̄ga loob namin at dinadampiohan  
anomang sacuna,i lunas ca at cordial.

Saca n̄gayo,i, ito ang ganti mo,t, bayad  
tubo,t, paquinabang sa pagál at puyat,  
palamara,t, tacsil anác na dulin̄ás  
anác na souail campón ni satanás.

Ang bunying princesa,i, naluhod pagdaca  
na bumabalibis ang lúha sa matá,  
mahal na iná co aco,i, natalaga  
cabit yaríng búhay n̄gayon ay quitlin na.

Iná,i, pag hinaho,t, sandaling paquin̄gan  
ang ilang catagang sa inyo,i, tuturan,  
marapat n̄gang aco,i, inyong paratan̄jan  
parusa,i, ilagdá at may casalanan.

Mahal na iná co ay signos co yata  
at palad na lihis bucud sa capoua,  
ualang nasasabi diua ay himalá  
n̄g Dios na Hari nang Lan̄git at lupa.

Unaunay ninyo mahal na iná co  
pinagmulan nitong pagcacaganito,  
noong isang arao nanununyágo aco  
taóng may nadaan na dalua catauo.

Natinýala aco,t, nagpanamang titig  
aco,i, tinauana,t, sa aqui,i, nýumibit,  
di co napiguilan natouang masaquit  
sa naquitang anyong anaqui bolislis.

Magmulá na noon ay nagca balisa  
sa aquing cataua,i, may nababago na,  
ito nýa po iná aquing naguing hanga  
ualang uala acong masasabing ibá.

Diua,i, ito,i, signos at planetang linsil  
na bigay nang Dios caloob sa aquin,  
tinatangap co po,t, aquing titiisin  
sampong yaring búhay ay inihahayin.

Narinýig na ninyo mahal na iná co  
Dios ma,i, sacsihi,i, totoong totoo,  
lahat cong casama ay tanonýin ninyo  
cun may masasabi cahiman at sino.

Sa sinabing yaon ný bunying princesa  
ang mahal na hari,t, ang mahal na reina,  
hindi umiimic linilining nila  
ang manýa sinaysay nangyari sa canya.

Manýa dibdib puso nila,i, alinlanýan  
at dili maisip ang pag papacanan,  
tumauag sa Dios na sila ay bigyán  
lubos na payapa at caliuanagan.

Ang hari,t, ang reina,i, ný macapag-isip  
gayari ang uica,t, canilang sinambít,  
sa tahanang ito,i, di cana aalis  
layao ay di mo na nýayon masisilip.

At tuloy umalis nang ma uica ito  
tumunýo na sila sa real palacio,  
magmulá na noon loob nila,i, guló  
hinayang sa anác ay di mamagcano.

Tinasahan nila sa canyang pagcain  
sampong ala-ala,i, pinaram pinouing,  
nauala sa loob toua at pag-guilio  
di na alintana anomang marating.

Ano,i, nang sumapit yaong cabouanan  
na capanýanacan nang princesang mahal,  
sa aua nang Dios at Vírgeng maalam  
nacaraa,i, ualang sacunang anoman.

Cambal nang manýanácap capoua lalaqui  
maganda ang quias pauang mabubuti,  
tumauag ný hilot at ang servidumbre  
na casama niya sa arao at gabi.

At siya rin naman ang naquiquialam  
buhat nang manýanácap ang princesang mahal  
pagcai,t, lahat nang manýa cailanýan  
ang criadang yao,i, siyang nagbibigay.

Panýala,i, Ursula nang canyang criada  
na may cabaita,t, hustong umarregla,  
princesa Leonila,i, tumanong sa canya  
cun anong mabuti na gauing magandá.

Nanýunýusap siya luha,i, naagay-ay  
sa dalauang matá ang camuc-ha,i, cristal,  
yamang talastas mo yaring calagayan  
maguing iná ca nang dapat pagsabihan.

Ano caya bagang marapat cong gauin  
ali,t, sino cayang papapag anaquin,

aco,i, ualang sucat na dapat tanon̄gin  
hatol mo ang siya na aquing susundin.

Sagót ni Ursula sa bunying princesa  
cun gayon po,i, aco siyang bahala na,  
pinaronan niya cabo de la guardia  
at nagsabi siyang ganito ang badyá.

Don Federico,i, caya aco naparito,t,  
sa inyo Don Andrés mayroon pong gusto  
princesa sa torre inutusan aco  
daluang anáci niya,i, hauacan dao ninyo.

Sagót nang dalaua dito cay Ursula  
sabihin mo,i, oó sa bunying princesa,  
yaong m̄ga bata,i, inyong ipasoc na  
doon sa simbaha,t, cami susunod na.

Páhiná 48

Nasoc na n̄ga sila,t, canilang dinatnan  
yaong daluang batang aanaquing tunay,  
hinauacan nila, at nang masangcapan  
nang mahal na padre, ang ulo,i, binusan.

Isa,i, ang pan̄gala,i, Antonio de Risa  
icalua,i, ang n̄gala,i, Feliz de Carcaya,  
lumabás na sila,t, nouing para-para  
man̄ga bata nama,i, sa torre dinalá.

Loob nang princesang na sa capanglauan  
man̄ga anáci niya,i, niyong mabinyagan,  
naisban nang munti,t, ang uicang tinuran  
Ursula ay ano ang man̄ga pan̄galan.

Pan̄ginoong mahal princesa Leonila  
ang man̄ga pan̄galan anáci ninyong dalaua,  
isa po,i, ang n̄gala,i, Antonio de Risa  
ang isa po nama,i, Feliz de Carcaya.

Ang dalaung bata,i, capoua maquisig  
ang pan̄gan̄gataua,i, pareho ang tindig,  
ang tabas n̄g muc-ha ay paris na paris  
nag tataglay toua balang macamasid.

Lacás nang paglaqui nang batang dalaua  
parang binubunot ang paghaba nila,  
maguing limáng taón ang edad na dalá  
ang loob nang hari totoong balisá.

Ang uica sa reina esposang sinta co  
sandaling paquingan ang sasabihin co,  
lulan nang loob co,i, cun aayunan mo  
paalsin sa torre mag-iinang tatlo.

Páhiná 49

At di co na ibig na doo,i, matirá  
cundi ang gusto co,i, maualay sa matá,  
cun palagui riya,t, aquing naquiquita  
ang loob co,i, parang mainit na baga.

;Oh cun dili caya sintang esposa co  
aco,i, mag-uutos at mag papabando,  
mahal man at mura tungcól bagong tauo  
man̄gag siparito sa real palacio.

Bagong tauo lamang mahal man at mura  
at yapusan nitong apó nating dalaua,  
mamarapatin co na nalang pagsala  
ipacacasal co princesa Leonila.

Sintang esposa co icao ay tumugón  
sa aquing sinabi, ano nasang-ayon,  
caya n̄ga,t, nangyari at magca gumayon  
ualang ibang amá cun hindi n̄ga yaon.

Reina ay sumagót cun siyá mong gustó  
masamáng di sundin yao,t, pacaná mo,  
cun icao,i, souayin icapopoot mo  
at maguiguingu sanhi sa puso,t, loob mo.

Pinagcaisahan nilang mag-asaua  
ang bagay na ito,t, minagaling nila,  
nang quinabucasa,i, nag-utos na siya  
at pinabandohan loob nang España.

Ang resa nang bandong ipinagtatauag  
tungcól bagong tauo mahal man at hamac,  
sa real palacio ay man̄ag siharap  
at may patorneo sa arao nang bucas.

At sa iba,t, ibang caapid na reino  
ay ipinag-utos gauin ang bandillo,  
gayon din ang resa tungcól bagong tauo  
mahal man at hamac ay mag siparito.

Ganaping madali,t, sa arao nang bucas  
sa real palacio ay matipong lahat,  
na houag ang hindi man̄ag sisiharap  
at may patorneo ang haring marilág.

Nang quinabucasa,i, nan̄ag datingān na  
sa real palacio ay nagcaipon na,  
iba,t, ibang reino,i, pauang naroon na  
pagsunód sa hin̄gi nang haring monarca.

Nan̄usap ang hari sa haráp nang taman  
unauain ninyo at aquing tuturan,  
anác cong princesa,i, may anác na cambal  
na daluang lalaquing pinacamamahal.

Mura man at mahal tungcól bagong tauo  
at yapusán nitong aquing daluang apó,  
ay ualang pagsala,t, ipacacasal co  
princesa Leonila na mutyáng anác co.

Daluang apó niya,i, tinauaag pagdaca  
pinahalobilo sa tanang grandeza,  
sa pagcacapisan nang tauong lahat na  
ualang niyapusán daluang apó niya.

Nang lumilipas na tauong caramihan  
ay siyang pagdating nang magcaibigan,  
ni Juan Tamad at saca ni Julian  
nag mamalas sila at papasial pasial.

Tinamaang titig niyong man̄ga apó  
yumapós cay Jua,t, uica nila,i, ito,  
amá po ang sabi saan galing cayo  
baquit n̄gayon lamang cayo naparito.

Amá po,i, lauon nang cami,i, naghinhintay  
ay baquit n̄jan̄gayon naparito lamang,  
umi-iyac sila,t, luha,i, naagay-ay  
at capona yapós na di humiualay.

Ang mahal na hari,t, ibang man̄ga tauo  
lubhang nagtatacá sa nangyaring ito,  
sa lahat nang mahal iba,t, ibang reino  
ualang niyupusan cahiman at sino.

Cundi isang hamac at ualang cuenta  
niyapusán nitong m̄ga batang dalua,  
anhin na ang hamac at hindi vale na  
cun baquin at yao,i, nag n̄gin̄hibit baga.

Calat ang pulun̄gan niyong capisanan  
uica,i, loco yata iyang tauong iyan,  
ang sabi nang iba ay di naman ganyan  
hichura nang locong ualang cabaitan.

Ang haring Don Feliz nag-utos pagdaca  
at si Juan Tamad ipinadaquip na,  
dinalá sa cárcel at piniit siya  
uala siyang malay cun anong causa.

Nang oras ding yaon ang haring maran̄gal  
nagpagaua agad nang jaulang bacal,

at capagcayari Tamad na si Juan  
quinuha sa cárcel doon inilagay.

Sa jaulang bacal maisoot doon  
ay maraming tauo na pumaparoon,  
dahil sa balitang matunóg na hugong  
ang na sa jaula,i, nanğibit nasançoy.

Una,i, sa balita,t, saca ang isa pa  
ibig mapanood tinauag na amá,  
balang macaquito uica,i, iyan palá  
ang ipacacasal cay Doña Leonila.

Yaon namang daluang anác niyang cambal  
palaguing paroon sa jaulang bacal,  
ang uica nang dalua na isinisigao  
amá po ay baquin cayo,i, naririyán.

Tauong nanğaroo,i, lubhang nagtatacá  
nagtatalong lubós bait isip nila,  
ang hichurang iyan ang uica nang iba  
ma-iibig baga ni Doña Leonila.

Anang iba namang nag sasalitaan  
hindi masasabi nang sino,t, alin man,  
di naquiquilala sa estado,t, lagay  
ang tauong mayroong inğat na panglumay.

At may nag sasabing diua ay himalá  
nang Dios na Hari nang Lançit at lupa,  
ayuán cun gayon dapat maniuala  
cun pacaná noon ay mangyayari n̄ga.

Yaon namang canyang caibigan carnal  
na casama niyang panğala,i, si Julian,  
si Jua,i, nang dacpin sa tacot na taglay  
lumigpit pagdaca,t, umalis tumanan.

Páhiná 53

Hindi na lininğon caibigan niya  
tumacbó nang agád punta sa canila,  
di pa natatanto cung anong causa  
iniuan at sucat di inalintana.

Muli cong sabihin yaong magcapatid  
anác n̄g princesa na may lumbay hapis,  
sa jaulang bacal dudulog lalapit  
at quinacapulong ganito ang sambit.

Ano ang dahila,t, nacuculong cayo  
anong casalanan sabihin po ninyo,  
caming anác ninyo n̄gayo,i, naririto  
na mag dedefensa sa anomang trato.

Sa bagay na yao,i, ang haring maranğal  
ang loob at puso,i, hindi mapalagay,  
sa tanang grandeza,i, ang uicang tinuran  
hindi maaari cundi ang icasal.

Lalo at mahigpit ang sa bandong resa  
pilit gagananip na ualang pag sala,  
Tamad na si Juan ay ipinadala  
sa real palacio pati nang princesa.

Nang siya,i, maharáp sa haring maranğal  
si Jua,i, tinanóng cung anong panğalan,  
gayon din ang bayang iyong tinubuan  
sampong magulang mo sa aquin ay turan.

¡Oh sacramagestad at panğinoon co  
sasagót po aco,t, tinatanong ninyo,  
Juan ang n̄galan co at hamac na tauo  
sa Visadang villa tumubo po aco.

Páhiná 54

Ang lugar na yao,i, sacop nang Portugal  
ang amá,t, iná co,i, doon tumatahan,  
Fabio ang amá co isang hamac lamang  
iná co,i, Sofia na quinamulatan.

Sa mahal na hari na matanto ito  
ipinatauag na Señor Arzobispo,  
n̄ḡ oras ding yaon doon sa cabildo  
si Jua,t, princesa ay denesposado.

At saca ang hari agad nagpatauag  
limangpuong soldado sa cabildong hayág,  
n̄gayon di,i, magbigla na cayo,i, lumacad  
ipagsama ninyo apat na mag-anac.

Sa Monte Cantabros ay dalhin ninyo  
doon sila iua,t, magbalic na cayo,  
mag biglang lumacad sundin ang hatol co  
nang sila,i, di co na naquiquita rito.

Nang matanto yaon n̄ḡ bunying princesa  
na silang mag-anac itatapon palá,  
naualan nang isip sampong ala-ala  
sa quinalalagya,i, nalugami siya.

Calahating oras na pinag ulapan  
nauala ang canyang man̄ga caisipan,  
sa aua nang Dios at Vírgeng maalam  
pinagsaulan din at naliuanagan.

Taghoy nang princesa ¡oh Vírgen María!  
patnubayi aco,t, iyong ipag-adýá,  
sa sentenciang bigay n̄ḡ hari cong amá  
tinatangap co po cahit ualang sala.

Pá hiná 55

Sa dalauang matá ang luha,i, nunucal  
sa habag na dala nang princesang mahal,  
maraual cong palad na quinahinatnan  
Dios co po,i, aquin na pagtitiisan.

¡Oh torreng tahanan aalis na aco!  
¡oh catreng hihigán paalam sa iyo!  
hindi na babalic at uacás na ito  
nang capós cong palad sa Espanyáng reino.

Paalam ¡oh balcong aquing panun̄gauan!  
¡Oh sillang loclocan sa iyo,i, paalam!  
ito ay uacás na,t, cayo,i, malilisan  
nang saliuang palad sa Espanyáng bayan.

At icao hagdanan paalam sa iyo  
acong ualang palad sa Espanyáng reino,  
di na tutuntun̄jan icao nang paá co  
cundi n̄gayon lamang sa pag panaog co.

Sa iyo Ursula aco ay paalam  
ang pagsasama ta ito,i, catapusán,  
sa pinagdaanan cong man̄ga cahirapan  
ay para cang iná na tinataghuyan.

Ano cayang aquing igantí sa iyo  
sucat maguing pála na paquinabang mo,  
utang na loob co,i, malaquing totoo  
nag malasaquit cang parang magulang co.

¡Oh iná cong sintáng pinagcautan̄jan!  
nag pasupasuso,t, puhunan ay búhay,  
acong anáč ninyong aalis papanao  
maanong tanauin muc-ha ay isilay.

Pá hiná 56

Mahal na iná co cahima,t, mapait  
at aco ay lason sa puso at dibdib,  
cayo po ay di man sa aqui,i, lumapit  
tanauin man lamang aco sa pag-alis.

Guilio na iná co cayo ay cahiman  
uala sa haráp co ay linuluhuran,  
bagaman at lason sa puso ay subyáng  
bendición po ninyo aco,i, pabauonan.

Paalam sa iyo ¡oh Espanyáng reino!  
bayang tinubua,t, dito naguing tauo,

ang arao na ito,i, uacás nang totoo  
di na yayapacan nang mῆga paá co.

Saca nagpatuloy sila,i, lumacad na  
apat na mag-anac at soldadong sama,  
sa laqui nang galit nῆ hari at reina  
di man tinanauan tiniis binatá.

Habang lumalacad ang princesang mahal  
umiyyac siya,t, luha,i, naagay-ay,  
ang dalauang anác siya,i, lalapitan  
uiuicai,i, iná houag pong mamanglao.

Baquin baga cayo,i, umiiyac iná  
narito at ating casama si amá,  
cayo po ay houag na mag-ala-ala  
ang pagtanğis ninyo nama,i, itahan na.

Di rin tumitiguil nang quinaiiyáć  
at di pinapansin ang sabi nang anác,  
ang casi,t, esposo na si Juan Tamad  
hindi umiimic sucat nagmamalas.

Ano,i, nῆ sapitin bundóć nῆ Cantabro  
iniuan na roon nῆ mῆga soldado,  
ang soldadong ito,i, bumalíc sa reino  
at doon nagtuloy sa real palacio.

Haring panğinoon ay naroroon na  
sa Cantabrong bundóć aming iniuan na,  
ang sagót nῆ hari ay mabuti anya  
cayo naman nῆayon ay magsi-oui na.

Apat na mag-anac siyang sabihin co  
nang sila,i, maiuan nang manğá soldado,  
princesa Leonila manğá matá,i, puctó  
puputóć ang dibdib ang loob ay guló.

Lumapit si Jua,t, ang uinica niya  
esposa cong guilio baquit niniyac ca,  
capilas nang dibdib houag manimdim ca  
aco ay narito,i, di babayaan ca.

Sinapit tang palad ay di gunamgunam  
na magca ganitong pinag-isang tunay,  
dilidilihin mo,t, sa dibdib iquintal  
capalarang ito,i, Dios ang may bigay.

Samantalahan mo,t, hirap ay tiisin  
pagtauag sa Dios sa puso,i, itiim,  
cacasihan tayo niya,t, bibihsin  
ipagcacaloob ang aua sa atin.

Iyang manğá luhang natáć sa matá mo  
ipinanglolomó niyaring catauan co,  
sucat na,t, itahan joh casit, sintá co!  
houag cang manimdim ang bahala,i, acó.

Ang uinica naman nῆ dalauang anác,  
tahan na iná po cayo nang pag-iyac,  
di pababayaang tayo,i, mapahamac  
si amá ang siyang bahala sa lahat.

Manğá luha ninyong tumulo sa matá  
guilio naming iná lubhang marami na,  
alalahinan po camping inyong bunğá  
pagtiisan ninyo hirap na lahat na.

Yaong amá nilang Tamad na si Juan  
humanap nang lugar sucat pagpalagyán,  
tatlong mag-iiná doon pinatahan  
dito muna cayo,t, sandaling iiuan.

At houag aalis cayo bagang tatló  
at aco,i, hahanap mabuting puesto,  
anang dalauang anác amá po,i, paano  
cayo ay aalis saan patutunğó.

N̄gayon cami dito ay inyong iiuan  
at di na babalic at pababayaan,  
paano ang aming man̄ga calagayan  
mabubuhay caya na sa cabunducan.

Nanglaglag ang luha ni Juan sa matá  
sa tinurang yaon anác niyang dalua,  
cayo ay houag na mag-ala-ala  
at di malalaouon babalic pagdaca.

Umalis si Jua,t, naparoon lamang  
sa hindi na nila siya matatanao,  
saca yaong in̄gat canyang casangcapan  
batóng encantado,i, quinuha,t, tinangnan.

At uinica niyang icao aquing bató  
na bigay sa aquin matandang Nuno co,  
n̄gayon di,i, madaling dito,i, itayó mo  
yaong isang bahay sa diquit ay husto.

Sahig at quisame ay salaming lahat  
at ébano naman ang cahoy na sangcap,  
hagdanan ay puro na lantay na pilac  
na macatutoua sa matáng mamalas.

Ang dingding ay pauang esmaltadong tunay  
n̄g m̄ga brillianteng sa ningning ay sacdal,  
ang salas ay pilac at perlas na lantay  
templo ni Salomón halos pang laluan.

Sa loob nang bahay lagyán nang pamuti  
sari-saring mutyá rubí,t, esmiralde,  
cortina ay pauang batbat nang brillante  
sa matáng titin̄gin ay macacauili.

Ang bubong nang bahay ay pilac na lantay  
cosina,i, gayon din houag cang magculang,  
cun tamaang sinag nang init nang arao  
ay macadudulit sa matáng tatanao.

Paliguid nang bahay ay jardineria  
macetas na pauang caligaligaya,  
ang sinoma,t, aling tauong macaquita  
cun may capanglaua,i, magtamong guinhaua.

Saca sa hagdana,i, iyong patayoin  
ang dalauang ásong capoua magaling,  
aco,t, man̄ga anác at esposang guilio  
ay halabin cami dito cun dumating.

Nasunod na paua tanang cahilin̄gan  
nang oras na yaon na hindi naliban,  
si Jua,i, bumalic at quinaon naman  
man̄ga anác niya at esposang hirang.

Ano,i, nang maquita nang sintang asaua  
at dalauang anác nagtamong guinhaua,  
cami po,i, totoong nag-aala-ala  
baca di na muling cayo,i, magbalic pa.

Sagót na tinura,i, humahanap aco  
tatahanan nating mabuting puesto,  
niyaya na niya,t, lacad abá tayo  
sa hinin̄ging bahay sila napatun̄go.

Sa bahay na yao,i, nang dumating sila  
hinalab pagdaca nang ásong dalaua,  
man̄ga anác niya,t, saca nang asaua  
nan̄gaguiclahana,t, loob ay nagtaca.

Si Doña Leonila na esposang hirang  
namaang ang loob sa naquitang bahay,  
ano,t, ito,i, bundóc gubat calauacan  
dito ay may bahay sadyáng cariquitan.

Doon sa hagdanan nang dumatal sila  
ang dalauang áso,i, humalobilo na,

yumapós cay Jua,t, nan᷑ag sisisalta  
na pinag mamasdan anác at asaua.

Liuanag nang ilao ang camuc-ha,i, arao  
hagdanan ay pilac na nag niningnin᷑gan,  
tatlong mag-iiná,i, nagcacamamanghan  
sa naquitang diquit na ualang cabagay.

Nagsipanhic sila ay nang macasaltá  
nagtatacáng lubós yaong mag-iiná,  
sahig at quisame ay salming lahat na  
anong bahay ito,t, sa dilág ay sadyá.

Ang dingding ay pauang esmaltadong lubós  
nang man᷑ga brillianteng sacdál nang alindóg,  
ang salas ay pilac perlas ang calahoc  
tinalo,i, dinaig cay Salomóng templos.

Sa loob nang bahay ang nan᷑alalagay  
nan᷑apapamuti mutyáng maquiquináng,  
anong bahay ito at napacainam  
ualang capareho,i, na sa cabunducan.

Parang naiisban capanglauang dalá  
nang bunying princesang si Doña Leonila,  
sa naquitang diquit na ualang capara  
ang loob at puso,i, nagtamong guinhaua.

Bagaman at cubcob nang pighati,t, lumbay  
nang maquita yaong sadyáng cariquitan,  
naparam ang lungcót cusang nahalinhan  
nang di mamagcanong galác casayahan.

At saca si Juan na canyang esposo  
humin᷑gi sa canyang casangcapang bató,  
n᷑gayon din aniya,i, dito,i, ihanda mo  
ang isang comidang sa putahi,i, hustó.

Lutong masasaráp ay ilagay agad  
sa lamesang quintó,t, lagyán nang alfombras,  
sa alfombrang yaon ay ang nababatbat  
ay hilo de oro na nag quisáp quisáp.

At pilac na lahat yaong man᷑ga sillá  
gamit na cubiertos quintóng para-para,  
man᷑ga servilleta ay pulos pa tela  
may hilo de orong macaliligaya.

Ang man᷑ga matamis sarisaring bagay  
sa lamesang perlas doon malalagay,  
man᷑ga asistente pagcain sa duiang  
ay tatlong castila bucod ang utusán.

Saca tatlong damang pulós magaganda  
magsisilbi yaon sa aquing asaua,  
ang lahat nang ito,i, ganaping dali na  
cami,i, nagugutom ibig cumain na.

Nasunod na paua man᷑ga cagustuhan  
na isang comidang hustong cagayacan,  
conforme ang hin᷑gi guinanap na tanan  
batóng encantado niyang casangcapan.

At saca tinauag anác at asaua  
halina na cayo,t, tayo,i, hahapon na,  
nang matingnan yaon na handang comida  
lalo nang tumangap daquilang ligaya.

Namamanghang lubós man᷑ga calooban  
ang comidang handa ay napacainam,  
man᷑ga gamit ditong man᷑ga casangcapan  
ay quintó at pilac na nag quiquinan᷑gan.

Man᷑ga nagsisilbi pulós na castila  
man᷑ga dama nama,i, magagandang lubha,  
nan᷑agsi upo na at cumaing paua  
apat na mag-anac na ualang bahala.

At nang macacain ay nagsi pasoc na  
sa salas n̄g bahay nagpapasial sila,  
ang m̄ga cuarto,i, pinapasoc nila  
minamalas yaong cariquitang sadyá.

Si Doña Leonila,i, ang uinica,i, ito  
esposo cong sinta sa itatanóng co,  
houag maglilihim pagtatapatan mo  
n̄g di alinlan̄gan ang puso,t, loob co.

Aco pagca tauo,i, laquí sa guinhaua  
palibhasa,i, hari ang mutyá cong amá,  
ang ating quinain na handang comida  
gayong cagayaca,i, di pa nag quiquita.

Pati itong bahay sa diquit ay sacdál  
na ualang susulit cahit sa reino man,  
sa aqui,i, sabihin n̄gayo,t, maalamán  
ang may ari nito cun sino,t, alin man.

Ang sagót ni Juan na casi,t, esposo  
ang bahay na ito,i, maguiguing canino,  
ito,i, ating tunay pinagmulan nito  
ay aquing hinin̄gi sa in̄gat cong bató.

Comida,i, gayon din ang pinangalin̄gan  
sa bató ring in̄gat perlas ang cabagay,  
at ang batóng yao,i, encantadong tunay  
anomang hinin̄gi co,i, agad gaganapan.

Sa man̄ga saysay mo na aquing narin̄jig  
damdam co ay aco,i, parang napa Lan̄git,  
acala nang tauo,i, ang asauang ibig  
ay ualang cuenta,t, nasan̄joy nan̄hibit.

Pag ang Dios palá ang may calooban  
ay uala sinomang sucat macaalam,  
marami at madlang nag uiuicang tunay  
catauan co,i, uala na carurumatnan.

N̄gayon ay sa aua nang Poong si Cristo  
ay na sa ligaya at payapa aco,  
sa nangyaring buhay na pinagdanan co  
ang cutyá nang tauo ay di mamagcano.

Salamat sa Dios at sa Ináng Vírgen  
di na magluluto tayo nang cacanin,  
mabuti at iyo na ipinalining  
ang casangcapan mo,i, sinabi sa aquin.

Ani Juan Tamad esposa cong hirang  
daluang anáč natin ay anong pan̄galan,  
ibig cong matanto sa iyo,t, maalman  
man̄ga n̄galan nila sa aquin ay turan.

Pan̄galan nang isa,i, Antonio de Risa  
at ang isa nama,i, Feliz de Carcaya,  
matanto ni Juan uica cay Leonila  
tunay co n̄gang anáč m̄ga batang dalua.

Aquing sasabihin esposang sinta co  
significang dala m̄ga apellido,  
ang isa,i, sa taua ipinaglihi mo  
isa,i, sa halac-hac dahilang totoo.

Naala-ala co at nagunamgunam  
nangyari sa atin niyong isang arao,  
cami,i, nag daraan na mag caibigan  
sa tapat n̄g torre icao,i, nanunun̄gao.

Natin̄gala quita,t, nagpanamang titig  
sa iyo ay aco,i, comindat n̄gomibit,  
humalachac icao tumauang malabis  
siyang naguing dahil mulang pagbubuntis.

Sa iyong sinabi esposo cong sintá  
cung aquing lihimin husto ang prueba,

sintang esposa co houag cang mag duda  
talagang totoo aquing ibinadyá.

Calooban ito,t, pacaná nang Dios  
na bigay sa iyo planeta mo,t, signos,  
houag mamamangha ang puso mo,t, loob  
dagdagan ang iyong pagtauag sa Dios.

Ano,i, sa matanto niya,t, maalaman  
sa dalauang bata daang pinagmulan,  
escrupulong dala sa loob naparam  
man̄ga aná̄c niya,i, lalo nang minahal.

Nang quinabucasa,i, niyong maumaga  
napasa dun̄gauan si Doña Leonila,  
at pinagmamasdan ang man̄ga maceta  
caparis nang jardin niya sa España.

Malaquing totoong dalang catouaan  
alin mang bintana na canyang dun̄gauan,  
ay jardineria,t, sari-saring bagay  
nan̄ga mamacetas sadyáng caban̄guhan.

Ipagparito co sa haring monarca  
bunying si D. Feliz amá niyang sinta,  
isang arao n̄gani nanunun̄gao siya  
sa real palacio loob ay nagtacá.

Natanauan niya,t, tinamaang titig  
na sa cabunduca,i, may nacadudulit,  
ang casi,t, espresa na si reina Inés  
tinauagan niya,t, ganito ang sulit.

Tingnan mo,t, pagmasdan yaong cabunducan  
na may nag ningning at quiquirao quirao,  
nang una ay uala na capara niyan  
cun tamaang sinag ay di matitigan.

Ang uica n̄g reina sa haring esposo  
diua,i, yaon yata bundó̄c nang Cantabro,  
ay di baga roon ipinatapon mo  
sa bundó̄c na yaon ang aná̄c tang lilo.

Ang sagót ay oó nang haring monarca  
ang mabuti caya ay ipavisita,  
pinagcaisahan nilang mag-asaua  
nang oras ding yao,i, nag-utos pagdaca.

Tamaug na siya nang man̄ga soldados  
at pinaparoon sa Cantabrong bundó̄c,  
cami ay mayroon na napapanood  
nanag ningningin̄gan ibig na matalós.

Nagbiglang lumacad ang m̄ga soldado  
at tinun̄go nila bundó̄c nang Cantabro,  
ang pinagtatac-ha,i, naquitang totoo  
bahay na malaquing cariquita,i, hustó.

Ang man̄ga soldado,i, noong malayo pa  
natanauan sila ni Jua,t, princesa,  
doon sa bintana,i, di na nalí̄s sila  
at inaantayan ang pagdating nila.

Ano,i, nang dumatal sa canilang bahay  
yaong mag-asaua,i, ganito ang saysay,  
ano cayang inyong sadyá,t, pinapacay  
naparito cayo sa amin ay turan.

Cami,i, inutusan n̄g haring monarca  
dahil sa natanao sila,i, nagtatacá,  
may nag ningningin̄gan at caaya-aya  
ibig matalastas nila,t, maquilala.

Cun gayo,i, magkuloy cayóng calahatán  
at pumanhic dini,t, magcasalitaan,  
ang tanang soldado,i, nanhic nagtuluyan  
pauang nagtataca sa diquit nang bahay.

Páhiná 66

Páhiná 67

Cayo pala,i, siya na may bahay nito  
na napacariquit ang lagay estado,  
bahay ninyong ito,i, nanglalong totoo  
doon man sa reino,i, ualang capareho.

Tingnan na n̄ga nati,t, bulayin n̄g isip  
at di masasabi ninomang may bait,  
pag ang Dios pala,i, siyang nag-iibig  
ligaya sa mundo,i, ipinacamacamit.

At cun caya gayon tinuran sa inyo  
cayo,i, itinapon caya naririto,  
yaong si D. Feliz haring amá ninyo  
nag-utos sa amin daig ninyo,t, talo.

